

## Tell Them From Me student survey

### Sabihin Mo Sa Kanila Mula Sa Akin na sarbey sa mag-aaral

### Frequently Asked Questions (parents and carers)

### Mga Madalas Itanong (ng mga magulang at tagapag-alaga)

## Sentro para sa Estadistika at Pagtatasa sa Edukasyon (CESE)

### 1. Ano ang Sabihin Mo Sa Kanila Mula Sa Akin (Tell Them From Me) na sarbey sa mag-aaral?

Ang *Tell Them From Me* na sarbey sa mag-aaral ay nagtatanong tungkol sa mga salik na nalalamang nakakaapekto sa akademikong paggampan at iba pang mga kalalabasan. Ito ay naglalayong mapabuti ang mga kalalabasan ng pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang sarbey na ito ay dinisenyo upang sukatin, tasahin at iulat ang mga ideya mula sa pananaw ng mga mag-aaral sa mga antas ng paaralan at sistema. Ang tutukan ng sarbey na ito ng NSW ay ang kapakanan at pakikilahok ng mga mag-aaral at mga epektibong gawi sa pagtuturo.

### 2. Anong uri ng mga tanong ang itatanong sa sarbey?

Ang mga tanong sa sarbey ay nauugnay sa mga sumusunod na panukala para sa **mga mababang paaralan**:

Pakikilahok sa mga isport at mga dagdag sa kurikular na gawain	Pag-uugali sa paaralan	Epektibong oras ng pag-aaral
Paggamit ng ICT sa pag-aaral	Pag-uugali sa takdang-aralin	Kahalagahan at sigasig ng pagtuturo
Pakiramdam ng pagiging kabilang	Interes at motibasyon	Pagtitiyaga
Positibong pakikipag-ugnayan	Pagsisikap	Karanasan ng mga naaapi (bullied)
Pagpapahalaga sa mga kalalabasan sa pag-aaral	Mga kasanayan at hamon sa pag-aaral	Adbokasya sa paaralan
Positibong mga relasyon ng guro at mag-aaral	Mga inaasahan para sa tagumpay	Positibong kapaligiran sa pag-aaral

Ang mga tanong sa sarbey ay nauugnay sa mga sumusunod na panukala para sa **mga mataas na paaralan**:

Pakikilahok sa mga isport at mga dagdag sa kurikular na gawain	Pag-uugali sa takdang-aralin	Mga inaasahan para sa tagumpay
Mga kasanayan at hamon sa pag-aaral	Akademikong kamalayan sa sarili	Pag-uugali sa paaralan
Karanasan ng mga naaapi (bullied)	Pagbubulakbol	Pakiramdam ng pagiging kabilang
Interes at motibasyon	Epektibong oras ng pag-aaral	Mga adhikain: pagtatapos ng Baitang 12, Pamantasan, TAFE
Positibong pakikipag-ugnayan	Pagsisikap	Kahalagahan at sigasig ng pagtuturo
Kagalangan	Pagpapahalaga sa mga kalalabasan sa pag-aaral	Positibong kapaligiran sa pag-aaral
Kasiglahan sa pag-aaral	Adbokasya sa paaralan	Adbokasya sa labas ng paaralan
Positibong mga relasyon ng guro at mag-aaral	Paggamit ng ICT sa pag-aaral	Pagtitiyaga

### 3. Paano pinipili ang mga paaralan na makikibahagi?

Ang sarbey na ito ay bukas para sa lahat ng pampamahalaang paaralan sa NSW nang walang gastos sa kanila. Ang paaralan ng iyong anak ay nagpasyang makilahok.



#### 4. Paano pakikinabangan ng paaralan ng aking anak ang paglahok sa sarbey na ito?

Ang sarbey sa mag-aaral na *Tell Them From Me* ay magbabahagi sa mga punong-guro at mga lider ng paaralan ng kaalaman tungkol sa pakikilahok at kagalingan ng mga mag-aaral at epektibong mga gawi sa pagtuturo sa kanilang paaralan, mula sa pananaw ng mga mag-aaral. Ang mga datos na nakalap mula sa mga sagot sa sarbey ay mabilis na titipinin sa mga ulat na para sa mga lider ng paaralan. Pagkatapos ay magagamit ng mga punong-guro ang impormasyong ito upang tulungan silang matukoy ang susulpot na mga isyu at mga plano para sa pagpapabuti ng paaralan.

#### 5. Ano ang kailangang gawin ng aking anak upang makalahok sa sarbey?

Ang sarbey ay karaniwang tumatagal ng kulang sa 30 minuto at isinasagawa online sa isang ligtas (secure) na website na pinamamahalaan ng mga bumuo ng sarbey, *The Learning Bar*. Ang mga paaralan ay magpapagamit ng mga kompyuter o laptop para makumpleto ng mga mag-aaral ang sarbey sa mga oras ng klase.

#### 6. Dapat bang makilahok ang aking anak?

Hindi, ang paglahok sa sarbey ay opsyonal. Ang iyong anak ay hindi makikilahok kung labag ito sa kagustuhan mo o ng iyong anak. Kung sakaling makaramdam ang iyong anak ng pag-aalangan habang ginagawa ang sarbey, maaari niyang ipahinto ang sarbey anumang oras. Karamihan ng mga tanong sa sarbey ay maaaring laktawan. An mga magulang/mag-aaral ay may karapatang ma-akses, at maitama ang impormasyon ng mag-aaral.

#### 7. Maaari bang kilalanin ng paaralan ang aking anak batay sa kanyang mga sagot?

Hindi makikilala ng mga kawani sa paaralan ang indibidwal na mga mag-aaral batay sa kanilang mga sagot. Upang matiyak ang pagiging kumpidensyal, ang mga kalahok na mag-aaral ay tatanggap ng isang natatanging username at password. Kung saan mas kaunti sa limang mag-aaral ang sumagot sa tanong, ang mga resulta ay hindi ipalalabas.

Kaunting bilang ng mga kawani ng Sentro para sa Estadistika at Pagtatasa ng Edukasyon (Centre for Education Statistics and Evaluation (CESE)) ang magkakaroon ng akses sa mga sagot ng indibidwal na mag-aaral para sa layunin ng pagsusuri sa buong estado. Ang mga datos ng indibidwal na mag-aaral ay itatabi sa

isang ligtas (secure) na server kung saan mahigpit na limitado lamang ang akses sa mga mananaliksik ng CESE. Ang mga mananaliksik ay interesado lamang sa mga kalakaran (trend) – hindi sa mga sagot ng indibidwal na mag-aaral. Walang mag-aaral ang makikilala sa anumang publikasyon. Walang paaralan ang matutukoy maliban kung sila ay nagbigay ng pahintulot.

#### 8. Anong uri ng pagsusuri ang gagawin sa mga datos ng sarbey?

Sa sandaling makumpleto ng mga mag-aaral ang mga sarbey, ang mga ulat ay ihahanda at kadalasan ay makukuha ng paaralan sa loob ng tatlong araw ng negosyo. Magagamit ng mga lider ng paaralan ang mga datos upang higit na maunawaan ang mga karanasan at pananaw ng mga mag-aaral sa kanilang paaralan.

Ang CESE ay magsasagawa ng pagsusuri ng mga datos ng sarbey sa buong estado kasabay ng kasalukuyang mga datos ng mag-aaral na hawak ng kagawaran, kabilang ang mga datos ng pagganap.

Ang mga resulta ay tutulong sa lahat ng paaralan upang mas maunawaan pa ang kaugnayan ng kapakanan, pakikilahok, epektibong pagtuturo at pagkatuto ng mag-aaral. Ang mga resulta mula sa pagsusuri ng CESE sa mga datos na ito ay tutulong din sa mga guro at mga punong-guro na talakayin kung ano ang gumagana sa pagpapabuti ng mga kalalabasan ng mga mag-aaral. Ito ay sumusuporta sa patuloy na pagtutok ng Kagawaran sa kalidad ng pagtuturo at pamumuno. Itatabi ang mga datos na ito para sa hinaharap na pagsusuri upang tulungan kaming mas maunawaan ang katangian ng pakikilahok ng mga mag-aaral at kapakanan sa paglipas ng panahon.

#### 9. Maaari bang makibahagi sa sarbey ang lahat ng mga mag-aaral sa paaralan?

Ang sarbey sa mababang paaralan ay dinisenyo para sa mga mag-aaral sa Baitang 4 hanggang 6. Hinihikayat ang mga paaralan na payagang lumahok hanggat maaari ang pinakamaraming bilang ng mag-aaral na nasa grupo ng mga baitang na ito. Hinihikayat ang mga mataas na paaralan na payagang lumahok hanggat maaari ang pinakamaraming bilang ng mag-aaral sa Baitang 7 hanggang 12.

#### 10. Kailan isasagawa ang sarbey na *Tell Them From Me*?

Ang mga sarbey ay isasagawa sa lahat ng kalahok na mga paaralan sa katapusan ng Term 1 at (opsyonal) Term 3/4.



## Ano ang CESE?

Ang Sentro para sa Estadistika at Pagtatasa ng Edukasyon (CESE) ay bahagi ng Kagawaran ng Edukasyon ng NSW.

Itinatag ang CESE upang pagbutihin pa ang pagiging epektibo, kahusayan at pagkakaroon ng pananagutan ng edukasyon sa New South Wales. Tutukuyin at ibabahagi ng CESE kung ano ang gumagana, na lilikha ng mga bagong oportunidad upang mapabuti ang pagtuturo at pag-aaral sa lahat antas ng edukasyon.

Makukuha ang karagdagang impormasyon tungkol sa CESE sa: [www.cese.nsw.gov.au](http://www.cese.nsw.gov.au)

## Ano ang *The Learning Bar*?

Ang *The Learning Bar* ay espesyalista sa pagdidisenyong nakabatay sa pananaliksik at sa pagsasagawa ng mga pagtatasa ng mga mag-aaral at mga solusyong sarbey (survey solutions) para sa mga mag-aaral sa mababa at mataas na paaralan. Ang pangkat ng mananaliksik na in-house na pinamumunuan ng Pangulo nito na si Dr J Douglas Willms ay nagsasagawa ng malawakang mga proyekto na ginagamit sa sistema ng paaralan upang mabago ang pambansang patakaran. Dahilan sa pananaliksik na ito kaya't ang sarbey na *Tell Them From Me* ay naging pinakamalaking pambansang sarbey sa mga paaralan sa Canada, na ginagamit sa siyam sa sampung probinsya. Sa buong mundo, higit sa 6,300 paaralan at 5.4 milyong mag-aaral ang nakilahok sa sarbey sa nakalipas na labindalawang taon.

Kamakailan ay hinawakan ni Dr Willms ang Tier 1 Canada Research Chair sa Literasi at Kaunlarang Pantao. Siya ay may pangunahing papel sa pagbuo ng mga tanong tungkol sa pakikilahok ng mga mag-aaral sa Programa ng OECD para sa Pagtatasa ng mga Internasyonal na Mag-aaral (Programme for International Student Assessment – PISA).

Para sa mga layuning pangangasiwa lamang, ang *The Learning Bar* ay magkakaroon din ng pansamantalang akses sa pagkakakilanlang mga sagot ng mga mag-aaral sa mga tanong sa sarbey. Maliban sa *The Learning Bar* at mga mananaliksik ng CESE sa loob ng kagawaran, ang pagkakakilanlang mga sagot ng mag-aaral ay hindi ibubunyag kaninuman o sa alinmang lupon maliban kung ipag-uutos ng batas.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa *The Learning Bar* ay makukuha sa: [www.thelearningbar.com](http://www.thelearningbar.com)

Kung may mga tanong ka tungkol sa sarbey sa magulang, kontakin lamang ang CESE sa pamamagitan ng email: [TTFM@det.nsw.edu.au](mailto:TTFM@det.nsw.edu.au) o sa pamamagitan ng telepono: **1300 131 499**.